

Maling Mapagkukunan ng Salapi Pagnanakaw

“6 Datapuwa't ang kabanalan na may kasiyahan ay malaking kapakinabangan: 7 Sapagka't wala tayong dinalang anoman sa sanglibutan, at wala rin naman tayong mailalabas na anoman; 8 Nguni't kung tayo'y may pagkain at pananamit ay masisiyahan na tayo doon. 9 Datapuwa't ang mga nagsisipagnasang yumaman, ay nangahuhulog sa tukso at sa silo at sa maraming mga pitang hangal at nakasasama, na siyang naglulubog sa mga tao sa kapahamakan at kamatayan. 10 Sapagka't ang pagibig sa salapi ay ugat ng lahat ng uri ng kasamaan; na sa pagnanasa ng iba ay nangasinsay sa pananampalataya, at tinuhog ang kanilang sarili ng maraming mga kalumbayan.” (1 Timoteo 6:6-10 KJV)

Ang pera ay ang tanging pagpapala na ibinigay ng Dios sa tao upang magamit niya ito upang tugunan ang kanyang pang-araw-araw na pangangailangan. Pinagkalooban tayo ng Dios ng sagana ng lahat ng ating kailangan para sa ating kasiyahan. Gayunpaman, binalaan rin tayo ni Jesus tungkol sa pagiging gahaman. ***“15 At sinabi niya sa kanila, Mangagmasid kayo, at kayo'y mangagingat sa lahat ng kasakiman: sapagka't ang buhay ng tao ay hindi sa kasaganaan ng mga bagay na tinatangkilik niya.” (Lucas 12:15 KJV)*** Sinabi niya sa atin na pagtuunan nating magkaroon ng mga kayamanan sa Langit: ***“19 Huwag kayong mangagtipon ng mga kayamanan sa lupa, na dito'y sumisira ang tanga at ang kalawang, at dito'y nanghuhukay at nagsisipagnakaw ang mga magnanakaw: 20 Kundi mangagtipon kayo ng mga kayamanan sa langit, na doo'y hindi sumisira kahit ang tanga kahit ang kalawang, at doo'y hindi nanghuhukay at hindi nagsisipagnakaw ang mga magnanakaw: 21 Sapagka't kung saan naroon ang iyong kayamanan, doon naman doroon ang iyong puso.” (Mateo 6:19-21 KJV)*** Gusto ng Dios na nakatuon ang ating puso sa pag-ibig sa Kanya kaysa sa pera. Ang naunang kabanata ay naglalahad ng tamang paraan para tumanggap ng pera at mga materyal na biyaya. Dapat din tayong maging maingat na may mga maling paraan ng pagiiyon at pagtanggap ng pera na dapat nating iwasan.

Narito ang ilan sa mga masamang paraan na ginagamit para makakuha ng pera mula sa maling pinagmulan at maaaring magbukas ito ng daan sa ating kapahamakan

I. Pagnanakaw: “19 Ni magnanakaw.” (Deuteronio 5:19 KJV) Ang pagnanakaw ay ang pagkuha ng mga bagay na hindi sa atin nang walang pahintulot. Ang pagnanakaw ay hindi katanggap-tanggap, at marami ang tumutuligsa dito; ngunit may ilan pa rin na ginagawa ito. Pag-aaralan natin ang ilang talata mula sa Bibliya na nagsasabi tungkol sa pagnanakaw.

A. Ang masamang epekto ng pagnanakaw sa taong gumagawa nito:

1. “30 Hindi hinahamak ng mga tao ang magnanakaw kung siya'y nagnanakaw, upang busugin siya pagka siya'y gutom: 31 Nguni't kung siya'y masumpungan, isasauli niyang makapito; kaniyang ibibigay ang lahat na laman ng kaniyang bahay.” (Kawikaan 6:30-31 KJV) Ayon sa nabasa natin, kailangang bayaran ng magnanakaw nang pitong beses ang ninakaw niya, at maaaring maubos nito ang lahat ng kanyang kayamanan.

2. “1 Kung ang isang lalake ay magnakaw ng isang baka, o ng isang tupa at patayin, o ipagbili: ay kaniyang pagbabayaran ng limang baka ang isang baka, at ng apat na tupa ang isang tupa.” (Exodo 22:1 KJV) Ayon sa nabasa natin, kailangang bayaran ng magnanakaw ng limang beses ang kanyang ninakaw.

3. “2 Kung ang isang magnanakaw ay masumpungan, na naninira, at masaktan na ano pa't namatay ay hindi aariing mamamataytao ang pumatay.” (Exodo 22:2 KJV) Ayon sa nabasa natin, maaaring mamatay ang magnanakaw sa mismong lugar.

4. “3 Kung sikatan siya ng araw, ay aariin siyang mamamataytao; siya'y dapat magsauli ng kabayaran: kung siya'y wala ay ipagbibili siya dahil sa kaniyang ninakaw. Ayon sa nabasa natin, maaaring ipagbili ng magnanakaw para makabawi sa pinsala.

5. “4 Kung ang ninakaw ay masumpungang buhay sa kaniyang kamay, maging baka, o asno, o tupa, ay magbabayad siya ng ibayo.” (Exodo 22:4 KJV) Ayon sa nabasa natin, kailangang bayaran ng magnanakaw nang doble ang halagang ninakaw niya.

6. “4 At naparoon ang isang maglalakbay sa mayaman, at ipinagkait niya ang kaniyang sariling kawan at ang kaniyang sariling bakahan, na ihanda sa naglalakbay na dumating sa kaniya, kundi kinuha ang kordero ng mahirap na lalake, at inihanda sa lalake na dumating sa kaniya. 5 At ang galit ni David ay nagalab na mainam laban sa lalake; at kaniyang sinabi kay Nathan, Buhay ang PANGINOON, ang lalake na gumawa nito ay karapatdapat na mamatay: 6 At isinauli ang kordero na may dagdag na apat, sapagka't kaniyang

ginawa ang bagay na ito, at sapagka't siya'y hindi naawa.” (2 Samuel 12:4-6 KJV) Ayon sa ating nabasa, maaaring kailanganin ng magnanakaw na bayaran nang apat na beses ang halaga ng kanyang ninakaw.

Kaya, ang konklusyon natin mula sa mga Kasulatan sa itaas ay tiyak na mas higit ang parusa upang babayaran ng magnanakaw kaysa sa halaga ng kanyang ninakaw. Wala siyang mapapala sa pagnanakaw, bagkus ito ay magiging pasanin at magdudulot sa kanya ng mas malaking gastos kaysa sa kanyang makukuha. Ito ang sinasabi sa atin ng Salita ng Dios. **“17 Ang mga nakaw na tubig ay matamis, at ang tinapay na kinakain sa lihim ay masarap. 18 Nguni't hindi niya nalalaman na ang patay ay nandoon; na ang mga panauhin niya ay nangasa mga kalaliman ng Sheol.” (Kawikaan 9:17-18 KJV)** Ang pagnanakaw ay sumisira sa mga tahanan ng mga nagnanakaw. **“3 Nang magkagayo'y sinabi niya sa akin, Ito ang sumpa na lumalabas sa ibabaw ng buong lupain: sapagka't ang bawa't nagnanakaw ay mahihiwalay sa isang dako ayon doon; at bawa't manunumpa ay mahihiwalay sa kabilang dako ayon doon. 4 Aking ilalabas yaon, sabi ng PANGINOON ng mga hukbo, at papasok sa bahay ng magnanakaw, at sa bahay niyaong nanunumpa ng kasinungalingan sa pangalan ko; at tatahan sa gitna ng bahay niya, at pupugnawin sangpu ng mga kahoy niyaon at mga bato niyaon.” (Zecharias 5:3-4 KJV)** Susumpain ng Dios ang bahay ng taong nagnanakaw.

Kaya, kailangan nating bigyang pansin ang masasamang epekto ng pagnanakaw na binanggit sa Banal na Kasulatan at huwag itong gawin. Ang pagnanakaw ay magdadala ng sumpa at aagawin ang mga pagpapala ng Dios sa atin.

B. Ang iba't ibang anyo ng pagnanakaw ay inihaya sa sumusunod na mga Kasulatan:

1. Pagnanakaw mula sa mga magulang: **“24 Ang nagnanakaw sa kaniyang ama o sa kaniyang ina, at nagsasabi, hindi ito pagsalangsang; Yao'y kasama rin ng maninira.” (Kawikaan 28:24 KJV)** Marami ang sinasamantala ang kanilang mga magulang at sinusubukang abusuhin sila o paminsan-minsan ay pilitin silang gumastos nang higit para sa kanila. Ipinagpapalagay nila na ang pag-aari ng kanilang mga magulang ay karapatan nila. Mali iyon. Ang pag-aari ng ating mga magulang ay pag-aari ng Dios at sila ay tagapangalaga ng mga ibinigay sa kanila ng Panginoon. Kaya, hindi natin pwedeng kunin ang kahit ano sa kanila dahil lang tayo ay kanilang mga anak. Ito ay walang iba kundi pagnanakaw.

2. Pagnanakaw ng lupain: **“14 Huwag mong babaguhin ang lindero ng iyong kapuwa, na kanilang inilagay ng una, sa iyong mana na iyong mamanahin, sa lupain na ibinibigay sa iyo ng PANGINOON mong Dios upang ariin.” (Deuteronio 19:14 KJV)** Noon, gumagamit ang mga tao ng mga bato para magtayo ng hangganan sa pagitan ng lupa ng isang tao at ng iba. Kaya, ang mga nagnanais na magnakaw ay inilipat ang bato ng hangganan papunta sa lupa ng kanilang kapitbahay upang palakihin ang kanilang lupain at teritoryo. Ito ay pagnanakaw at magdudulot ng sumpa sa mga gumagawa nito, gaya ng mababasa natin, **“17 Sumpain yaong bumago ng muhon ng kaniyang kapuwa. At ang buong bayan ay magsasabi, Siya nawa.” (Deuteronio 27:17 KJV)** Kaya, **“28 Huwag mong baguhin ang dating muhon ng lupa, na inilagay ng iyong mga magulang.” (Kawikaan 22:28 KJV)**

3. Pananamantala sa mga ulila at balo: **“10 Huwag mong baguhin ang dating muhon ng lupa; at huwag mong pasukin ang mga bukid ng ulila: Sapagka't ang kanilang Manunubos ay malakas; ipaglalaban niya ang kanilang usap sa iyo.” (Deuteronio 23:10-11 KJV)** May mga taong sinasamantala ang mga balo at ulila dahil mahina sila. Iniisip nila na wala silang masandalan, nakakalimot na nandiyan ang Panginoon, pinagmamasdan ang mga pangyayari sa kanilang buhay at Siya ang magiging sumusuporta at nagtatanggol sa kanila.

4. Pagnanakaw ng mga kawan: **“2 May nagsisipagbago ng lindero; kanilang dinadalang may karahasan ang mga kawan, at pinasasabsab. 3 Kanilang itinataboy ang asno ng ulila, kanilang kinukuha ang baka ng babaing bao na pinakasangla.” (Job 24:2-3 KJV)** Isa pang anyo ng pagnanakaw ay ang pagkuha ng mga tupa at kawan at pagsasamantala sa mga biyuda at ulila. Ngayon, may mga tao na nagnanakaw ng ministeryo at ginagabayan ang mga tao sa maling paraan. Pero hindi papatnubayan ng Dios ang mga gumagamit ng kasinungalingan at panlilinlang para nakawin ang mga kawan at pati na rin ang mga nagnanakaw ng ministeryo: **“23 Pinagkakalooban sila ng Dios na malagay sa katiwasayan, at sila'y nagpapahinga roon; at ang kaniyang mga mata ay nasa kanilang mga lakad. 24 Sila'y nangataas, gayon ma'y isang sandali pa, at sila'y wala na. Oo, sila'y nangababa, sila'y nangaalis sa daan na gaya ng lahat ng mga iba, at nangaputol na gaya ng mga uhay. 25 At kung hindi gayon ngayon, sinong magpapatotoo na ako'y sinungaling, at magwawala ng kabuluhan ng aking pananalita?” (Job 24:23-25 KJV)**

5. Pananamantala sa iba: **“28 Ang nagnanakaw ay huwag nang magnakaw pa: bagkus magpagal, na igawa ang kaniyang mga kamay ng mabuting bagay, upang siya'y may maibigay sa nangangailangan.” (Epeso 4:28 KJV)** May mga tao na ayaw magtrabaho pero mas gusto nilang mamuhay na parang mga parasito, na umaasa sa iba. Ito'y pagnanakaw. Binalaan tayo ng Kasulatan laban dito. **“6 Na sinoma'y huwag**

lumapastangan at magdaya sa kaniyang kapatid sa bagay na ito: sapagka't ang Panginoon ay mapaghiganti sa lahat ng mga bagay na ito, na gaya naman ng aming ipinatalastas nang una na sa inyo at pinatotohanan.” (1 Tesalonica 4:6 KJV) May mga manggagawa na sinasabi na nagsisilbi sa Panginoon pero sa totoo lang ay inaabuso nila ang mga miyembro ng simbahan o ginagamit sila para sa kanilang sariling layunin. Ginagamit nila ang kanilang mga kapatid kay Cristo para magtrabaho para sa kanila nang walang bayad. Pinag-iingat tayo na huwag gawin iyon. **“13 Huwag kayong pipighati sa inyong kapuwa, o magnanakaw man sa kaniya: ang bayad ng isang mag-aaraw ay huwag matitira sa inyo ng buong gabi hanggang sa umaga.” (Levitico 19:13 KJV)** **“13 Sa aba niya na nagtatayo ng kaniyang bahay sa pamamagitan ng kalikuan, at ng kaniyang mga silid sa pamamagitan ng kalisyaan; na pinapaglilingkod ng kaniyang kapuwa na walang upa, at hindi niya binibigyan ng kaniyang kabayaran;” (Jeremias 22:13 KJV)** Kapag ginagamit natin ang serbisyo ng ating mga kapatid para sa ating personal na pangangailangan, kailangan natin silang bayaran. Si Samuel ay malaya sa kasalananang ito. Naglingkod siya sa Dios nang hindi sinasamantala ang mga tao. **“3 Narito ako: sumaksi kayo laban sa akin sa harap ng PANGINOON, at sa harap ng kaniyang pinahiran ng langis: kung kaninong baka ang kinuha ko? kung kaninong asno ang kinuha ko? o kung sino ang aking dinaya? kung sino ang aking pinighati? o kung kaninong kamay ako kumuha ng suhol upang bulagin ang aking mga mata niyaon? at aking isasauli sa inyo.” (1 Samuel 12:3 KJV)** Ganon din, hindi niloko ni Apostol Pablo ang mga kapatid sa mga simbahan na pinamumunuan niya. **“2 Buksan ninyo sa amin ang inyong mga puso: hindi namin inapi ang sinoman, hindi namin ipinasama ang sinoman, hindi namin dinaya ang sinoman.” (2 Corinto 7:2 KJV)** Ganun din, hindi ginamit ni Tito, na katuwang ni Pablo, ang mga kapatid para sa sarili niyang kapakinabangan. **“18 Pinamanhikan ko si Tito, at sinugo kong kasama niya ang kapatid. Kayo baga'y dinaya ni Tito? hindi baga kami ay nagsilakad sa isang Espiritu? hindi baga kami ay nagsisunod sa gayon ding mga hakbang?” (2 Corinto 12:18 KJV)** Dapat din nating lakaran ang mga yapak nina Samuel, Pablo, at Tito habang naglilingkod sa Panginoon.

6. Pagnanakaw mula sa mga amo at mula sa pamahalaan: **“9 Iaral mo sa mga alipin na sila'y pasakop sa kanikaniyang Panginoon, at kanilang kalugdan sa lahat ng mga bagay; at huwag mga masagutin; 10 Huwag mangagdaya, kundi mangagpakita ng buong buting pagtatapat; upang pamutihan sa lahat ng mga bagay ang aral ng Dios na ating Tagapagligtas.” (Tito 2:9-10 KJV)** * May mga taong nagnanakaw sa kanilang mga amo at sa kanilang mga trabaho. May ilan na pinapaliwanag ang kanilang ginawa sa pagsasabi na mayaman ang kanilang mga amo kaya wala namang problema kung kukuha sila ng konti sa maraming produkto ng kanilang mga amo. Pero ito ay pagnanakaw, at maapektuhan hindi lamang ang mga amo kundi pati na rin ang mga nagnakaw dahil kasalanan ito at magdudulot ng sumpa sa kanilang buhay. * May iba naman na nagsasabi na tama lang na magnakaw sa gobyerno dahil mayaman ito at pinagsasamantalahan ang mga tao sa pamamagitan ng mataas na buwis. Pero ito rin ay pagnanakaw at magdudulot ng problema sa mga gumagawa nito.

7. Hindi pagbabayad ng mga buwis at bayarin sa pamahalaan: **“20 At siya'y inaabangan nila, at sila'y nangagsugo ng mga tiktik, na nangagpakunwaring mga matuwid, upang siya'y mahuli sa kaniyang salita, na siya'y maibigay sa pamiminuno at sa kapamahalaan ng gobernadora. 21 At kanilang tinanong siya, na sinasabi, Guro, nalalaman namin na ikaw ay nagsasabi at nagtuturo ng matuwid, at wala kang itinatanging tao, kundi itinuturo mo ang katotohanan ng daan ng Dios. 22 Matuwid bagang kami ay bumuwis kay Cesar, o hindi? 23 Datapuwa't napagkilala niya ang kanilang lalang, at sinabi sa kanila, 24 Pagpakitaan ninyo ako ng isang denario. Kanino ang larawan at ang nasusulat dito? At sinabi nila, Kay Cesar. 25 At sinabi niya sa kanila, Kung gayo'y ibigay ninyo kay Cesar ang kay Cesar, at ang sa Dios ang sa Dios. 26 At sila'y hindi nakahuli sa kaniyang mga pananalita sa harap ng bayan: at sila'y nanganggilalas sa kaniyang sagot, at hindi nangagsiimik.” (Lucas 20:20-25 KJV)** Dapat tayong maging tapat sa pamahalaan upang ipakita na tayo'y tapat sa Dios. Kung ano ang nararapat sa pamahalaan sa anyo ng mga buwis o bayarin at dapat bayaran. **“6 Sapagka't dahil dito ay nagsisipagbayad naman kayo ng buwis; sapagka't sila'y mga tagapangasiwa ng paglilingkod sa Dios, na nagsisipamahalang walang patid sa bagay na ito. 7 Ibigay ninyo sa lahat ang sa kanila'y nararapat: buwis sa dapat buwis; ambag sa dapat ambagan; takot sa dapat katakutan; puri sa dapat papurihan.” (Roma 13:6-7 KJV)**

8. Panghihiram at hindi ibinabalik: **“21 Ang masama ay humihiram, at hindi nagsasauli: nguni't ang matuwid ay nahahabag, at nagbibigay.” (Awit 37:21 KJV)** Isa pang anyo ng pagnanakaw ay kapag may hinihiram na bagay (karaniwan pera) pero hindi na ito ibinabalik. Minsan, may nagpapahiram ng pera sa isang tao tapos bigla na lang mawala ang humiram kasama nito. Lahat ng taong nakapahiram sa kanya dati ay magreklamo at magsisisi sa pagbibigay nila ng kahit ano. **May mga tao rin na sumasali sa mga simbahan para humiram ng pera at pagkatapos ay tumakas. Sa mga simbahan na ginagabayan ko, sinabi ko sa mga pinuno at miyembro na huwag manghiram ng pera nang hindi alam ng simbahan para maiwasan ang ganitong problema.**

May isa pang paraan ng panghihiram at hindi pagbabalik. Ito ay ang pagkuha ng malaking pautang sa bangko at pagkatapos ay umalis ng bansa nang hindi binabayaran. May mga naniniwala na hindi ito kasalanan kasi hindi naman sila nagnanakaw sa tao kundi sa bangko. Mali iyon. Kasalanan pa rin ito. Sa ilang bansa, may mga

pautang na ibinibigay ng mga alituntunin sa pagkakakautang ay ipapawalang bisa pagkatapos ng pitong taon. “1 Sa katapusan ng bawa’t pitong taon ay magpapatawad ka ng iyong mga pautang. 2 At ito ang paraan ng pagpapatawad: bawa’t may pautang ay magpapatawad ng kaniyang ipinautang sa kaniyang kapuwa; huwag niyang sisingilin sa kaniyang kapuwa, at sa kaniyang kapatid; sapagka’t ang pagpapatawad ng PANGINOON ay ipinahayag. 3 Sa isang taga ibang lupa ay iyong masisingil; nguni’t anomang tinatangkilik mo na nasa iyong kapatid ay ipatatawad ng iyong kamay.” (Deuteronio 15:1-3 KJV)

9. Hindi pagbabayad sa mga manggagawa ng kanilang upa: Kahit ang naantalang bayad ay kasalanan dahil nakadepende sa kita ng tao ang kanilang buhay. “13 Huwag kayong pipighati sa inyong kapuwa, o magnanakaw man sa kaniya: ang bayad ng isang mag-aaraw ay huwag matitira sa inyo ng buong gabi hanggang sa umaga.” (Levetico 19:13 KJV) “1 Magsiparito ngayon, kayong mayayaman, kayo’y magsitangis at magsihagulhol dahil sa mga karalitaan ninyong sa inyo’y darating. 2 Ang inyong mga kayamanan ay mga bulok, at ang inyong mga damit ay nginangatngat ng tanga. 3 Ang inyong ginto at ang inyong pilak ay kinakalawang na; at ang mga kalawang na ito ay siyang magiging patotoo laban sa inyo, at gaya ng apoy na lalamunin ang inyong laman. Kayo’y nagtipon ng inyong mga kayamanan sa mga huling araw. 4 Narito, ang kaupahan ng mga manggagawa na nagsiani sa inyong mga bukid, na iniring ninyo sa pamamagitan ng daya, ay humihibik: at ang mga hibik ng mga nagsiani ay nagsipasok sa mga pakinig ng Panginoon ng mga hukbo.” (Santiago 5:1-4 KJV) Kapag hindi nababayaran ng mga tao ang mga manggagawang kanilang inupahan, ninanakaw nila ang sweldo ng mga iyon. May ilang mayayamang tao na sinasamantala ang kanilang mga manggagawa at inaagawan sila ng kanilang mga karapatan dahil iniisip nila na wala silang kapangyarihang ipaglaban ang kanilang mga karapatan. Maari rin nilang ipagkait ang insurance, suporta sa medisina, bakasyon, o iba pang benepisyo. “22 Huwag kang magnakaw sa dukha, sapagka’t siya’y dukha, ni pumighati man sa nagdadalamhati sa pintuang-bayan: 3 Sapagka’t ipakikipaglaban ng PANGINOON ang kanilang usap, at sasamsam ng buhay yaong nagsisisamsam sa kanila.” (Kawikaan 22:22-23 KJV)

10. Hindi pagbabayad ng ikapu nang buo at hindi pagdadala ng mga handog at unang bunga: “8 Nanakawan бага ng tao ang Dios? gayon ma’y ninanakaw ninyo ako. Nguni’t inyong sinasabi, Sa ano ka namin ninakawan? Sa mga ikasangpung bahagi at sa mga handog. 9 Kayo’y nangagsumpa ng sumpa sapagka’t inyo akong ninakawan, sa makatuwid бага’y nitong buong bansa.” (Malacias 3:8-9 KJV) “25 At sinabi niya sa kanila, Kung gayo’y ibigay ninyo kay Cesar ang kay Cesar, at ang sa Dios ang sa Dios.” (Lucas 20:25 KJV) Ang hindi pagdadala ng ating mga ikapu, handog, at unang bunga sa bahay-imbakan ng Panginoon ay isa pang uri ng pagnanakaw. Literal nating ninanakawan ang Dios. “29 Huwag kang magmamakupad ng paghahandog ng iyong mga ani, at ng tulo ng iyong mga pigaan. Ang panganay sa iyong mga anak na lalake ay ibibigay mo sa akin.” (Exodo 22:29 KJV)

11. Pagkuha ng pera mula sa kaban: “6 Ito’y sinabi nga niya, hindi sapagka’t ipinagmalasakit niya ang mga dukha; kundi sapagka’t siya’y magnanakaw, at yamang nasa kaniya ang supot ay kinukuha niya ang doon ay inilalagay.” (Juan 12:6 KJV) Si Judas Iscariot ay kumuha ng pera mula sa kaban nang walang pahintulot. Ang pagkuha ng pera mula sa kaban ng simbahan nang walang kaalaman at pahintulot ng simbahan ay isa pang uri ng pagnanakaw. Maraming pinuno ng simbahan ang kumukuha ng ikapu at handog ng mga tao at direktang inilalagay sa kanilang bulsa nang hindi maayos na naitatala ang perang nakalap sa simbahan. Tinuturing nila ang pera sa kaban bilang kanilang personal na pera. Isa pa itong uri ng pagnanakaw at magdudulot ng sumpa sa mga gumagawa nito. Ito ang tinutukoy ni Pablo tungkol sa mga taong gumagawa nito, “21 Ikaw nga na nagtuturo sa iba, hindi mo tinuturuan ang iyong sarili? ikaw na nangangaral sa tao na huwag magnanakaw, ay nagnanakaw ka? 22 Ikaw na nagsasabing ang tao ay huwag mangalunya, ay nangangalunya ka? ikaw na nasusuklam sa mga diosdiosan, ay nanakawan mo ang mga templo? 23 Ikaw na nagmamapuri sa kautusan, sa iyong pagsuway sa kautusan ay niwawalan mo ng puri ang Dios? 24 Sapagka’t ang pangalan ng Dios ay nalalait ng mga Gentil dahil sa iyo, gaya ng nasusulat.” (Roma 2:21-24 KJV) Ang mga ganitong klase ng pastor, na sakim sa pera, ay masigasig na maglingkod sa mayaman at makapangyarihan at ginagawa ang lahat para mapasali sila sa kanilang ministeryo upang makinabang sa pera nila. Parang sila si Balaam na naakit na sumama sa mga lalaki ni Balak para sa gantimpala, “at nagsidaluhong na walang pagpipigil sa kamalian ni Balaam dahil sa upa.” (Judas 1:11 KJV) Ang mga pastor na naghahanap lamang ng pinansyal na benepisyo ay walang kredibilidad at hindi naninindigan sa mga tuntunin ng Dios. Ganun sila kasakim at mapanganib. Para silang si Ismael, anak ni Nethanias. “4 At nangyari, nang ikalawang araw, pagkatapos na kaniyang mapatay si Gedalias, at wala pang lalaking nakakaalam, 5 Na nagsiparoon ang mga lalake na mula sa Sichem, mula sa Silo, at mula sa Samaria, sa makatuwid бага’y walong pung lalake, na may mga ahit na balbas at may mga hapak na kasuutan, at may mga kudlit, may mga alay at mga kamangyan sa kanilang kamay, upang dalhin sa bahay ng PANGINOON. 6 At si Ismael na anak ni Nethanias ay lumabas na mula sa Mizpa upang salubungin sila, na umiiyak siya habang lumalakad: at nangyari, pagkasalubong niya sa kanila, sinabi niya sa kanila, Magsiparoon kayo kay Gedalias na anak ni Ahicam. 7 At nangyari, na nang sila’y pumasok sa gitna ng bayan, na pinatay sila ni Ismael na anak ni Nethanias at inihagis sila sa hukay, niya at ng mga lalake na kasama niya. 8 Nguni’t sangpung lalake ay nangasumpungan sa kanila na nangagsabi kay Ismael, Huwag mo kaming patayin; sapagka’t kami ay may mga kayamanan na kubli sa parang, na trigo, at cebada,

at langis, at pulot. Sa gayo'y nagpigil siya, at hindi niya pinatay sila sa gitna ng kanilang mga kapatid.” (Jeremias 41:4-8 KJV) Si Ishmael na anak ni Nethanias ay pinatay ang mga lalaking papunta sa bahay ng Dios at kinuha sa kanila ang mga handog na kanilang dinala. Gayunpaman, iniwan niya ang sampung lalaki sa kanilang grupo, hindi dahil sa awa kundi dahil sa kasakiman, nang sabihin nila sa kanya na sila **“kami ay may mga kayamanan na kubli sa parang, na trigo, at cebada, at langis, at pulot.” (Jeremias 41:8 KJV)** Iniligtas niya sila para makuha ang lahat ng panustos na itinatago nila sa bukid.

Sa aking mahal at minamahal: “9 Sino ang pantas, at siya'y makakaunawa ng mga bagay na ito? at mabait, at kaniyang mangalalaman? sapagka't ang mga daan ng PANGINOON ay matutuwid, at lalakaran ng mga ganap; nguni't kabubuwalan ng mga mananalangsang.” (Hosea 14:9 KJV) Ang ninakaw na pera ay sa huli'y mawawala at magdudulot ng problema sa mga nagnakaw nito. Ang ninakaw na pera at mga yaman na nakukuha sa panlilinlang sa trabaho, sinasadyang ipagbiling sirang produkto, panlilinlang sa manggagawa ng kanilang sahod, at hindi pagbabayad ng mga bill ay mauuwi sa sumpa sa mga nagnanais na makuha ito. Manalangin tayo

...

Ang aking Panalangin: Amang Dios Ako'y lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon, salamat po sa Inyong Salita at sa mga aral na natanggap ko sa mensaheng ito. Panginoon, salamat po sa lahat ng mga pagtutuwid, pagpuna, at mga paalala na natanggap ko at sa paliwanag tungkol sa pagnanakaw, ang mga anyo nito at ang masasamang epekto nito.

Magsisi at itakwil ang lahat ng iyong mga kasalanan. Itakwil ang iyong pagnanakaw, pagnanakaw sa iyong mga magulang, pang-aabuso sa mahihirap, sa nangangailangan, sa mga ulila at mga balo. Magsisi sa pagnanakaw mula sa iyong amo at sa lugar na pinagtatrabahuhan mo. Magsisi sa hindi pagbabayad ng buwis at ng mga singil sa gobyerno. Magsisi sa panghihiram at hindi pagbabalik. Magsisi sa hindi pagbibigay ng iyong ikapu, handog at unang bunga sa Dios. Magsisi sa pagsasamantala sa iba at sa iyong pagkakawalang-gana na magtrabaho upang matugunan ang iyong mga pangangailangan. Magsisi sa paggamit ng tao at hindi pagbabayad sa kanila ng kanilang sahod. Magsisi sa iyong pagka-makasarili at hindi pagiging nasisiyahan sa kung ano ang ibinibigay ng Dios sa iyo. Magsisi sa kakulangan ng takot sa Dios. Magsisi sa iyong kawalang-gana na magtiis para kay Cristo at maglingkod sa Kanya. Magsisi sa iyong hindi kagustuhang sundin ang mga alituntunin na inilagay ng Dios sa Kanyang Salita para sundin sa iyong buhay. Panginoon, nagsisisi ako at itakwil ang mga sumusunod na kasalanan _____.

Panginoon, salamat po sa lahat ng mga pinagkukunang-yaman na inilagay mo sa aking mga kamay. Panginoon, inilalaan ko ang aking sarili na gamitin ang lahat ng mga pinagkukunang-yaman na ito upang magtrabaho at mamuhay nang tapat ayon sa iyong Salita at ayon sa mga batas ng gobyerno na inilagay mo sa lugar kung saan ako nakatira. Panginoon, ipinangako ko ang aking sarili na maging mabuting patotoo sa iba at magsimulang maglingkod sai iyo at gawin ang iyong kalooban at plano sa aking buhay. Panginoon, patuloy mo akong pagkalooban upang patuloy akong mabuhay sa pagkatakot sa iyo.

Panginoon, salamat po sa aking mga Kapatid sa pananampalataya na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at nagpasya na mamuhay ng tapat at maka-Dios sa takot sa iyo. Panginoon, pag-ingatan mo ang kanilang mga pinagkukunan ng kita at bigyan sila ng mabuting kalusugan at lakas. Panginoon, bantayan mo sila at protektahan mula sa masama upang patuloy ka nilang mapaglingkuran at gawin ang iyong kalooban.

Panginoon, pagpalain mo kami bilang iyong simbahan at tulungan mo kami na patuloy na ituro ang iyong Salita at ang iyong kalooban sa iyong mga tao. Panginoon, salamat sa lahat ng mga yaman na inilagay mo para sa iyong simbahan at para sa lahat ng kapatid. Panginoon, gamitin mo ang lahat ng mga yamang ito para sa iyong kaluwalhatian. Panginoon, tulungan mo kaming patuloy na ituwid at pagpayo sa mga nagkakasala upang maibalik sila sa iyo at sa iyong kalooban. Panginoon, puspusin mo kami muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng mga Espiritwal na kaloob na kailangan namin sa aming buhay upang magpatuloy sa pag-eevageliong gawain, gumawa ng mga bagong disipulo, at sanayin ang mga bagong manggagawa upang magtatag ng mga bagong pag-aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon, dalangin namin na mas maraming tao ang mabautismuhan sa tubig at makatanggap ng Bautismo ng Banal na Espiritu. Panginoon, ihanda mo kami para sa iyong pagdating upang sumama sa iyo pag dumarating ka. Panginoon, dalhin mo ang mensahe at ipalaganap ito upang magbunga ng mga bagay na nais mong makita sa buhay ng iyong simbahan at ng iyong mga tao. Panginoon, tuparin mo ang pananaw ng simbahan, ‘Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.’ Panginoon, pagpalain mo kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas mo kami mula sa kapahamakan upang hindi kami maramdaman ang sakit. Nawa ang ang biyaya ng Panginoong Jesus, ang pag-ibig ng Dios, at ang pakikisama ng Banal na Espiritu ay sumain sa amin lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com